H
E
K
A
S
I
6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MAGKATULAD NA PAGPAPAHALAGA: BATAYAN NG PAMBANSANG PAGKAKAISA

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE VI

# MAGKAKATULAD NA PAGPAPAHALAGA: BATAYAN NG PAMBANSANG PAGKAKAISA

## ALAMIN MO

Suriin mo ang larawan.




Anu-anong mga pagpapahalaga ang ipinakikita ng mga ito? Alin-alin ang nakatutulong sa pag-unlad ng ating bansa? Alin ang nakakahadlang?

Sa modyul na ito matututo kang bumuo ng konklusiyon na ang magkakatulad na pagpapahalga at paniniwala ng mga Pilipino ay nagging batayan ng pambansang pagkakaisa.

## PAGBALIK-ARALAN MO


Ano ang ipinakikita sa mga sumusunod na sitwasyon. Isualt sa iyong sagutang papel ang titik ng mga kasagutang nakapaloob sa kahon.

| | |
|---|---|
| a. pakikisama | d. pagpapahalaga sa mga kalakihan |
| b. hiya | e. pagkakalapit ng pamilya |
| c. utang ng loob | f. pagpapahalaga sa itinadhana |

1. "Si Demetrio ang ating iboto. Mas kaya niyang mamuno kahit mas marunong si Wilma."
2. "Ayokong pagandahin ang gawa ko. Baka sabihing mayabang ako."
3. "Mag-aaral akong mabuti para matuwa ang lola kong nagpapaaral sa akin."
4. "Mabuti na lamang at sa amin nakatira ang tita kong titser. Natuturuan niya ako sa mga leksiyon ko sa eskuwela."
5. Ibibigay ko sa kanya ang kahit anong hihilingin niya dahil tinulungan niya ang tatay na maipasok sa trabaho.

## PAG-ARALAN MO

Pag-aralan mo at suriing mabuti ang dalawang larawan.




Larawan A



Tingnan mo ang larawan A.

- Ano ang masasabi mo sa mga ibon?  Saan sila papunta?
- Saan naman papunta ang tatlong ibon?
- Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?
- Nagkaisa ba sila kung saan sila pupunta?
- Anong pagpapahalaga ang ipinakikita nila?
- Makakatulong ba ito sa ating bansa? Bakit?



Larawan B



- Ano ang napapansin mo sa larawan?
- May ibig bang ipahiwatig ang mga ito?
- Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng mga ibon?
- Sa palagay ninyo kapag ganito nang ganito ang mangyayari, magkakaroon kaya ng mabilis na pag-unlad ang ating bansa?
- Magiging batayan kaya ito ng pambansang pagkakaisa?

Ang pagpapahalaga ng tao ay hindi magkakatulad.  Maaaring higit ang pagpapahalaga ng isang tao sa pag-iimpok ng pera kaysa sa pagpapahalaga ng iba sa paggamit ng kanilang pera sa pamamasyal.  Naiimpluwensiyahan ang kilos, gawi, saloobin, pananaw at paniniwala ng mga tao ng kanyang pagpapahalaga.

May mga pagpapahalagang ang epekto ay nakatutulong at mayroon namang nakahahadlang sa mga adhikain sa buhay.  Ang pagpapahalaga sa kasipagan at pagkamalikhain ay may epekto sa kaunlaran sa sarili at ng bansa.  Ang pagpapahalaga sa pagsasama ng pamilya kapalit ng pagkakataon sa magandang hanapbuhay sa ibang bansa ay maaaring may epekto ring nakahahadlang sa kaunlaran ng sarili at ng bansa.

Ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa yamang nakukuha sa bansa ay dapat panatilihin. Dapat ding ipagmalaki at pasalamatan ang pagtugon ng ating bansa sa pangangailangan ng mga mamamayan.

Sagutin mo:

1. Makasasama ba o' makabubuti sa pag-unlad ng bansa ang ganitong mga pagpapahalaga? Bakit?
2. Alin-alin sa mga ito ang dapat baguhin at dapat alisin?
3. Alin-alin sa mga pagpapahalagang ito ang may kaugnayan sa pag-unlad?
4. Paano makakatulong ang bawat isa tugon rito?

## TANDAAN MO


Ang magandang pagpapahalaga ng mga Pilipino ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng bansa.

## ISAPUSO MO

May mga pagpapahalaga tayo na kailangan sa pag-unlad ng bansa. Dapat na patuloy natin itong linangin para sa mga kabataang Pilipino na siyang nagmamana ng tungkulin sa lipunan at pamahalaan.

## GAWIN MO

Paghambingin ang larawan A at larawan B.




Larawan A

Larawan B

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Sino ang kanilang pinag-aagawan?
2. Ano ang napapansin mo sa larawan A? Sa larawan B?
3. Sa palagay ninyo, sino ang may iniisip na maganda para sa bayan?
4. Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng larawan A? ng larawan B?
5. Sa palagay niyo ano ang maaaring mangyari sa ating bansa kapag ganito nang ganito ang gagawin ng mga politiko sa larawan A? sa larawan B?



## PAGTATAYA

Basahin mo at sagutin.

Alin-aling mga pagpapahalaga ang nagiging batayan ng pambansang pagkakaisa at kaunlaran?


Piliin at isulat ang titik ng mga tamang sagot sa iyong sagutang papel.

a. Pagtangkilik sa mga gawang Pilipino.
b. Madalas sabihin ng mga Pilipino, “Ang kapalaran hindi ko man hanapin, dudulog, lalapit, kung talagang akin.
c. Pinahahalagahan nila ang matibay na buklod ng pamilya .
d. Ipinakikita ang kabayanihan hindi lamang sa panahon ng paghahanda ng bukid, pagtatanim at pag-aani kundi maging sa mga handaan o’ pagdiriwang.
e. Pagiging matalino sa paggastos ng kita.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Paano mo pinahahalagahan ang sumusunod para makatulong ka sa pagpapaunlad ng bansa.

a Matibay na buklod ng pamilya.
b Pagtutulungan
c. Pangangalaga sa kapaligiran
d. Paggalang sa kapangyarihan



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.